HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. V No. 16 March 22-28,2021 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*

# Cavite-Batangas Evacuation Plan SimEx for Taal Volcano Eruption Conducted




Cavite Provincial Government in partnership with the Local Disaster Risk Reduction and Management offices of different LGUs in Cavite and in Batangas successfully conducted the simulation exercises for the Taal Volcano Eruption Evacuation Plan on Monday, March 15, 2021 amid drizzly weather and challenging routes.

Participating teams in the simulation mainly from the Philippine National Police headed by PMAJ Jonathan Asnan, Chief for Operations of the Cavite-Police Provincial Office, converged at two assembly areas, the Tagaytay City Evacuation Center in Brgy. Sungay West and at Amuyong-Alfonso Crossing early in the morning to receive final instructions prior to take off heading to the different pickup areas in the four municipalities of Batangas – Talisay, Agoncillo, Lemery and Laurel.

Pick up areas in Talisay were Banga Elementary School, Caloocan Covered Court and Old Sampaloc Barangay Hall while for Agoncillo is Barigon Elementary School. In Lemery, the pickup up location is Payapa National High School, and Montevideo De Tagaytay in Brgy. Dayap Itaas for the municipality of Laurel. Around 830 participants taking the role as Individually Displaced Individuals (IDPs) were transported to Cavite from all the pickup locations.

All the IDPs were

(cont. P.5)

## First District First: Cavite officials join forces to boost local programs



*(From left to right) Kawit Mayor Angelo Aguinado, Noveleta Mayor Dino Chua, Sec. Salvador Panelo, Cavite 1st District Board Member Davey Chua, and Cavite City Vice Mayor Denver Chua. Photo via: John Edsel Sayaman*

NOVELETA, Cavite – The local officials representing cities and municipalities of the first district of Cavite have joined forces in an attempt to expand the existing and future programs of each

(cont. P.7)




*Hinihakayat ni Mayor Emmanuel Maliksi ang mga Imuseño na magpabakuna kontra COVID-19.*

*Aniya, layunin ng kampaniya ang mawala ang agam-agam ng taong bayan tungkol sa COVID-19 vaccine at maayos na maisagawa ang pagbabakuna sa lungsod. Kabilang sa mga nilalaman nito ang pagpapaigting ng mga protokol sa pagtanggap ng bakuna, paghahanda ng mga pasilidad, at maging ang pamamahagi ng tamang impormasyon tungkol sa COVID-19 para sa publiko.*

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Pagtalakay sa lifetime validity ng birth certificate at optional retirement age para sa mga nagtatrabaho sa pamahalaan, pinangunahan ni Revilla



Pinangunahan ni Senator Ramon Bong Revilla Jr ang naging virtual hearing para sa mga panukala ukol sa lifetime validity ng birth certificate at pagbaba ng optional retirement age para sa mga manggagawa na nagtatrabaho sa pamahalaan.

Matatandaang si Revilla ang Chairman of the Senate Committee on Civil Service at Government Reorganization and Professional Regulation.

Ayon sa kaniya bagaman ilang beses nang idineklara ng Philippine Statistics Authority (PSA) na ang mga sertipiko ng kapanganakan na inilalabas nila ay walang expiration, maraming ahensya pa rin ng gobyerno at pribadong organisasyon ang nangangailangan o nanghihingi ng mga dokumentong ito sa pinakabagong security paper na nagkakahalaga ng P155 para sa authenticated copy at P365 naman kung personal na ihahatid sa kanilang mga address.

“This requirement costs our people valuable time and money. Lalo na po ngayong panahon ng pandemya ung kailan apektado nang husto ang ating ekonomiya, anumang karagdagang gastusin ay iindahin talaga ng mga kababayan natin. Dagdag pa rito ang panganib o risk na mahawahan ng virus kung sila ay lalabas ng bahay upang kumuha ng birth certificate,” ani Revilla.

Nagpahayag naman ng pagsuporta ang PSA, Civil Service Commission (CSC) at Department of Education (DepEd) sa panukalang ito.

Tinalakay din ng komite ang pagbaba ng edad ng pagreretiro ng mga empleyado ng gobyerno at kumunsulta sa ilang mga ahensya tulad ng Government Service Insurance System (GSIS), Department of Budget and Management (DBM), pati sa mga non-government associations na kinabibilangan ng Philippine Government Employees Association (PGEA), Philippine Public School Teachers Associations (PPSTA), Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE), Teachers Dignity Coalition, Alliance for Concerned Teachers (ACT), Sentro ng Nagkakaisa at Progresibong Manggagawa (SENTRO), Non-Uniformed Personnel Association, Inc. (NUPAI).

“Ang paglilingkod sa bayan bilang isang kawani ng pamahalaan ay isang karangalan. Ang karangalang ito ay tinatapatan naman nila ng sipag at dedikasyon sa kanilang trabaho. Kaya’t ang mga umaabot ng retirement age sa gobyerno ay maituturing na mga haligi at huwaran ng serbisyo publiko,” pahayag ni Revilla.

“Lowering the retirement age will ensure that our senior citizens will be able to enjoy the fruits of their labor and spend more time with their family and friends as well as pursue other endeavours as they approach the twilight of their years,” saad pa ng senador patungkol sa Senate Bill No. 72, na nagmumungkahi ng pagbaba ng sapilitan edad ng pagreretiro ng mga empleyado ng gobyerno mula 65 hanggang 60, at ang opsyonal na edad ng pagreretiro mula 60 hanggang 55.

Nagpahayag ng suporta ang GSIS sa mga hakbang, ngunit nagbigay ng mungkahi ng mga reserbasyon na dapat isinasaalang-alang para sa posibleng epekto nito sa insurance fund life.**(GOCAVITE)**

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE


All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

papi

MEMBER:
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## Ang Kayamanan

1. Unang kayamanan ay uring material,
Lupa at salapi, alahas at yaman,
Ikalawa naman uring spiritual,
Ugaling mabuti na may karangalan.

2. Ang yamang material tataas, bababa,
Minsan maluluging paubos ang bisa,
Minsan ay may tubo’t paakyat sa hanga,
Hindi napipirmi sa titig at badya.

3. Kung gayon ang yamang materyal ay kulang,
Kung pagbabatayan ay kapayapaan,
Malaking panganib haplit sa isipan,
Ang tatamuhin mo sa naturang yaman.

4. Sa ganitong bagay dapat ding isipin,
Na ang ganyang yaman ikaw bubuhayin,
Bigyan ng halaga subali’t limiin,
Na halagang ito’y di dapat sambahin.

5. Ikalawang yaman spiritual naman,
Ugaling mabuti sa lahat ng bagay,
Madadagdag dito’y parangal ng bayan,
Dagdag sa dangal mo nang ikaw isilang.

6. Ugaling mabuti ang magandang yaman,
Kung magnenegosyo’y mapananaligan,
Kung mageempleyo’y pagtitiwalaan,
Sa lahat ng bagay bibigyang katwiran.

7. At dahil sa mundo’y may paniniwala,
Sa isang dakilang tawag ay Bathala,
Sa badyang ganito ay may halimbawa,
Bathala’y may sukli sa mabuting gawa.

8. Aking sasabihin itong pananalig,
Narinig ng una’t tumatak sa isip,
Aking nabasa din sa maraming titik,
At aking nalimi sa gabing tahimik.

# HEALTHCAREWORKERS SA LUNGSOD NG BACOOR UNANG NABAKUNAHAN

BACOOR CITY- --Ginanap ang kauna-unahang pagbabakuna sa lungsod ng Bacoor ngayong araw sa Southern Tagalog Regional Hospital na pinangunahan ng Department of Health Region IV-A Regional Director Dr. Eduardo Janairo kasama si Mayor Lani Mercado-Revilla, Congressman Strike Revilla, STRH Director Dr. Ephraim Rubiano at Bacoor City Health Officer Dra. Ivy Yrastorza.

May 114 health care workers ang nabakunahan ngayon ng Sinovac mula sa National Government. Mayroon ding dumating na 238 vials na karagdagang dala ni DOH RD Janairo ngayong araw na siya namang gagamitin sa Biyernes, March 12.

"Ang mga Bacooreño ay nagpapasalamat sa ating Pangulo, Pres. Rodrigo Roa Duterte, sa ating Vaccine Czar Sec. Galvez at DOH Secretary Duque dahil nabigyan ng mga bakuna kontra Covid-19 ang Lungsod ng Bacoor. Salamat dahil naumpisahan na ang ating vaccination sa ating mga health care workers." pahayag ni Mayor Lani Mercado-Revilla.

Ayon naman kay Dr. Ephraim Rubiano, STRH Director," Makasaysayan ang araw na ito sa yugto ng pandemya dahil ito na ang araw na ating pinakahihintay. Mag-isang taon na ang community quarantine at sa wakas ay nandito na sa lungsod ng Bacoor ang unang batch ng bakuna, at umaasa tayo na magtutuloy-tuloy na ang pagdating ng bakuna".

Ang panauhing pandangal na si DOH Regional Director, Dr. Janairo ay nagpahayag naman ng buong suporta sa Lungsod ng Bacooreño. Aniya,"makakaasa ang Bacoor na hindi pababayaan ng National Government at sa kasalukuyang kalagayan ng Bacoor na tumataas ang Covid19 cases, marapat lamang na isa ang Bacoor sa mabigyan ng bakuna mula sa National Government. Lagi namang katuwang natin ang Bacoor LGU sa pagsugpo sa

**(cont. P.4)**

# CALAX SUBSECTIONS TO SILANG, CAVITE IN FULL SWING



*DPWH Secretary Mark A. Villar inspects CALAX Subsection 5 Santa Rosa, Laguna to Silang, Cavite. This 7.7km segment is targeted to open by third quarter of 2021. From L-r DPWH PPP Services Director Alex Bote, MPCALA VP for Tollways Development Engr. Art Monge, DPWH Sec. Mark A. Villar, BBB Committee Chair Ana Mae Lamentillo.*



*DPWH Sec. Mark A. Villar is joined by Municipality of Silang, Cavite Mayor Corrie Poblete and Vice Mayor Aidel Paul Belamide in the ocular inspection of CALAX Subsection 5- Santa Rosa to Silang. Expected to serve 5,000 vehicles upon its opening targeted on Q3 2021.*

The Department of Public Works and Highways (DPWH) Secretary Mark A. Villar, together withMPCALA Holdings Inc Executives, conducted an ocular inspection for the construction development of Cavite-Laguna Expressway (CALAX) Subsection 5S targeted to open to motorists, by 3rd quarter of 2021.

The MPCALA HOLDINGS INC. (MHI), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC), has already achieved, 83% construction progress on the new Subsection 5 of CALAX.

"As travel restrictions are slowly but surely being lifted, this new subsection of CALAX will help accelerate economic progress in Laguna and Cavite by providing interconnection between the two provinces of Region 4-A. This segment is crucial since it is expected to serve almost 5,000 cars per day, and will ease traffic along Governor's Drive, Aguinaldo Highway, and Sta. Rosa-Tagaytay Road once opened. Right of way acquisition has been a challenge, so we are giving our full effort to deliver and eventually open with as little deviation to the original timeline as possible. The completed and operational segments namely Mamplasan to Santa Rosa are currently servicing about 10,000 vehicles daily. We target to finish the whole 45Km stretch of CALAX and serve 50,000 cars before 2022 ends." said Sec. Villar.

Subsection 5 covers the 7.2-kilometer link from Santa Rosa-Tagaytay Interchange to Silang East Interchange. On-going works include bridge deck and pavement construction, drainage works, road furniture and sound barriers,

**(cont. P.4)**





***Binisita ni Mayor Redel John B. Dionisio ang isinasagawang Amadeo Mural Project sa Brgy. Poblacion 4 tapat ng town marker sa may Crisanto M. de los Reyes Avenue.***

***Ang naturang art project, na sinimulan nitong Marso 1 at inaasahang mailulunsad pagsapit ng Abril, ay nabuo upang itaguyod ang Amadeo bilang isa sa Agri-Tourism Hub ng Cavite.***

***"As a collective effort of locals and other stakeholders, the mural will feature our coffee culture and will augur a long-lasting impression to visitors of our determination to preserve our customs and traditions and create a community that is proud of its heritage," saad sa post ng Amadeo Public Information Office.***

***"Commissioned to create the artwork is Ang Gerilya, a group of street artists known for their culturally inspired murals," pagpapatuloy ng naturang post.***

***Bukod dito ay marami ring mga indibidwal at negosyo ang nagbigay ng kanilang pagsuporta at donasyon para sa makasaysayang proyekto.***

***Bukod dito, ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ay nagbigay rin ng sponsorship para sa mga artist na kasapi sa paggawa ng mural..***

*Pagbati Mula kina:*



**Mayor Lani Mercado**
*Bacoor City, Cavite*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY





Mayor Jose Voltaire Ricafrente
*Rosario, Cavite*

# ROSARIO,
## BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD



# LET THERE BE LIGHT!

By
**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**BANALO -** Ang Banalo,Bacoor ay nayon na isinunod sa bansag ng batang timawa na Ba nalo.

# CHESS WIZARDS SA CAVITE, NAGMULA SA LUNGSOD NG DASMARINAS



Malugod na ipinakilala ni Congressman Pidi Barzaga sa social media ang tatlong batang chess wizards ng Pilipinas na nagmula sa Lungsod ng Dasmariñas.

Nitong nakaraang araw ay lubos na ipinagmamalaking ibinahagi ni Barzaga ang kwento at mga larawan ng mga pambato ng ating bansa sa larangan ng chess na tubong Cavite.

Aniya, "Nag-Queens Gambit ang inyong lingkod sa mga chess wizards ng Dasma at na-checkmate ako."

"Malugod kong ipinakikilala ang tatlong batang International Masters sa larong chess na kinatawan ng ating bansa sa mga international competitions sa Vietnam, Malaysia, Indonesia, China, Thailand, Dubai at Myanmar," dagdag pa niya.

Una niyang binigyang pagkilala si Kylen Joy Mordido, 18, na isang Woman International Master (WIM) mula sa Sampaloc IV, at kasalukuyang nag-aaral National University.

Si Daniel Quizon naman ay isang 16-taong gulang na International Master (IM), mula sa Sampaloc IV at nasa Grade 10 ng Dasmariñas Integrated High School.

Habang si Michael Concio Jr. na pinakabata sa tatlo ay isang 15-taong gulang na International Master (IM), mula sa San Andres 1 at Grade 10 sa parehong paaralan.

"Si Kylen, Daniel at Michael ay mga yaman ng Lungsod ng Dasmariñas," saad ni Barzaga.

"Si Kylen ang pinakabatang Woman International Master sa bansa na nakamit ang WIM title noong 16 years old palang siya. Si Daniel ay naging IM noong 13 years old siya. Si Michael naman ay naging IM ng 14 years old. Si Daniel at Michael ang mga susunod na pinakabata pagkatapos sa kilalang si Wesley So, na naging IM ng 12 years old," pagkukwento pa niya sa kahusayan ng tatlo.

Dahil dito ay naglaan ng budget ang opisyal maging ang lungsod ng Dasmariñas upang patuloy na makasali at makapunta sa ibang bansa ang mga pambato ng Pilipinas.

"Aking pinapangako ang 1M pesos cash na gantimpala para sa unang magiging Chess Grand Master sa lungsod ng Dasmariñas," pahabol ni Barzaga sa kaniyang post.

# Healthcare workers... (from p. 2)

Covid19".

"Naniniwala ako na ang simula ng ating pagbabakuna sa hanay ng ating mga health care workers ay magiging hudyat ng masigla af ligtas na pagbabakuna sa ating mga kababayan. Uunahin nating matapos ang 2,200 health care workers na nagtatrabaho sa public and private medical institutions habang nagsisimula na din tayo ng ating survey and pre-registration sa ating mga barangay. LIGTAS BACOOR! Bacoor Yes sa Bakuna tayo sa ating lungsod! " dagdag ni Mayor Lani.

Ayon naman kay Cong Strike Revilla,"Mapalad tayo na nandito na sa Bacoor ang bakuna. Alam naman natin na may kakapusan ang supply ng bakuna sa buong bansa kaya maswerteng nakasama ang ating mga health care workers sa mga unang mababakunahan. Kaya naman, gagawin natin ang lahat para magpatuloy ang ating vaccination rollout."

Matapos ang unang batch ng vaccination rollout sa health care workers sa STRH at CHO ngayong araw ay masusundan ito ng susunod na batch sa Biyernes. At sa mga susunod na linggo ay magpapatuloy ang serye ng mga trainings and seminars sa ating mga personnel na involved sa rollout. Gaganapin din ang simulation sa dalawang Mega Vaccine Hubs sa Bacoor, isa sa Bacoor Elementary School sa Brgy. Alima at Bacoor Coliseum sa Molino 3.

Inaasahang matapos na mabakunahan ang 2,200 health care workers sa mabilis na panahon upang makapagsimula na ding makapagbakuna sa iba pang frontliners ng Bacoor.

Nagtapos ang programa na may panawagan sa lahat ng mga Bacooreño na makiisa at makilahok sa inilulunsad nating Covid-19 Vaccine Rollout hanggang sa tuluyang mapuksa ang Covid-19. LIGTAS BACOOR! Bacoor Yes sa Bakuna!

# CALAX SUBSECTIONS... (from p. 3)

and structures of Silang (Aguinaldo) Interchange

"With the combined efforts of DPWH and MHI we are optimistic and excited to open the new Subsection 5, hence as soon as Right of Way is handed over to us, we doubleconstruction efforts to avoid any unnecessary delay, while ensuring safety in the workplace," said Mr. Roberto V. Bontia, MPCALA President and General Manager.

A simultaneous intensified effort is the construction of Subsection 4 which is up to Silang (Aguinaldo) Interchange 1st quarter of 2022.

Moreover, according to Mr. Bontia, MPCALA strictly follows the Department of Public Works and Highways (DPWH) and COVID-19 Inter-Agency Task Force (IATF) health protocols to ensure the protection of its workers from COVID-19.

Upon completion this 24.2B, 4-lane expressway will connect the Manila-Cavite Expressway (Cavitex) in Kawit, Cavite to the South Luzon Expressway (SLEX) at Greenfield (Mamplasan) Interchange in Biñan, Laguna.

CALAX spans 45-kilometers and has eight (8) interchangesbeginning at Kawit, Governor's Drive, Open Canal, Silang (Aguinaldo) Highway, Silang East, Santa Rosa-Tagaytay, Laguna Boulevard, and Laguna Technopark.

MPTC holds the concession rights for the CALAX, CAVITEX, C-5 Link Expressway, North Luzon Expressway (NLEX), NLEX Connector Road, Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX), and Cebu-Cordova Link Expressway (CCLEX) in Cebu.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Early writing - 3000 BC
Suspension bridge - 25 BC
Corn - Central America
Oats - Mediterranean
Mais - bladder problem







# Cavite-Batangas Evacuation Plan SimEx...

(from p. 1)

initially taken to the COVID-19 swabbing stations, one at Tagaytay City Evacuation Center and the other at Pansin Elementary School in Alfonso. Sample swabbing using Antigen test kits were done on site by medical personnel from Cavite Provincial Health Office headed by Provincial Epidemiologist Dr. Nelson Soriano. Those with negative results were then taken to their assigned evacuation center following the LGU twinning arrangements agreed upon by Cavite-Batangas cities and municipalities.

Cavite Governor Jonvic Remulla personally observed the simulation exercise which was supervised by the Provincial DRRMO headed by Ms. Eloisa Rozul together with members of the Provincial Emergency Operations Response Clusters and in partnership with LDDRMOs of Alfonso, Tagaytay City, Mendez, Amadeo, Indang, Silang, Magallanes and Gen. Emilio Aguinaldo in the province of Cavite as well as partner DRRMOs in Batangas.

Agoncillo, Batangas Mayor Daniel Reyes also observed the transporting of his constituents by the Cavite team at Barigon Elementary School. Likewise, Cavite Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica was present during the drills as well as Cavite-PNP Provincial Director PCOL Marlon Santos who was at the Command Post to guide the police force.

Aside from the personnel and vehicles deployed by the provincial government, the LDRRMOs and the PNP, other volunteers who joined and provided logistics to the SimEx were from the Southern Luzon Command of the Armed Forces of the Philippines, the Army Reserve Command, Philippine Coast Guard, Bureau of Fire Protection and Gen. Trias Maagap Off-Roaders Eagle's Club. **(PICAD)**







***Kaugnay ng nilagdaang direktiba ni Mayor Ony Ferrer para sa pagpapatupad ng mas mahigpit na Public Health Protocols, pinulong ng Punong Lungsod kasama si Vice-Mayor Morit Sison ang Chief of Police ng General Trias Component City Police Station at lahat ng mga Sub-Station Commanders para sa strikto at agarang implementasyon ng Executive Order No. 08 Series of 2021.***

***Layon ng nasabing direktiba na mapigilan ang pagdami ng kaso ng COVID-19 sa lungsod. Panawagan din ng Lokal na Pamahalaan sa mga Gentriseño na makiisa at tumalima sa mga panuntuhan para sa kaligtasan at kapakanan ng nakararami.***

# EDITORIAL

Ang pamahalaan ay nag-aalok ng libreng pag-aaral sa skills. Samantalahin natin ito at mag-aaral nang puspusan. Ang mga bansang mayayaman ay nagkukulang sa mga taong maglilingkod sa pabrika, mag-aalaga sa mga senior citizens at gagawa sa mga lugar na mismong mga mamamayan nila ang tumatanggi dahil sa nabibilang ang gawain sa marumi, mainit, masikip, maliit ang suweldo at laging binabantayan. Iyan ang dahilan kaya marami tayong OFW sa mga bansang may kakayahang magpasuweldo ng mas malaki kaysa ating mga kompanya sa bansa.

Ang taong bayan ay marapat na isipin ang kanilang kalagayan at kumilos upang baguhin ito.

* If you take care of your being, God will take care of your becoming.

# CAVITE HIGHLIGHTS



By: Yna Palparan Bautista

**Gat. Andres Bonifacio was in Cavite to unify the Magdalo and Magdiwang factions under him. Most of the attendees in the Tejeros Convention was against the idea and it was decided to have an election Gen. Aguinaldo was elected President in absentia and he was told to proceed to Tejeros to take his oath of office.**

# "SCIENCE IS THE BEDROCK OF GOVERNANCE"

- Mayor Christina "Tin" Antonio, Alcala Cagayan




With the influence of science on people's lives, the Department of Science and Technology Region 02 (DOST RO2) hosted a collaborative meeting with the municipal Mayor of Alcala Cagayan Christina "Tin" Antonio and her team to provide S&T solutions to local priorities and concerns of their municipality.

"They say science is not part of the government, but I am so happy to discover that science is the bedrock of governance." Hon. Antonio said during the meeting.

DOST Region 02 awarded 10 units of portable solar drying trays and provided P300,000 Grant-In-Aid in support to the Corn processing center project in Alcala town.

Thankful of the project, Hon. Antonio expressed her gratitude to DOST 02 and its regional director for the continuous support in municipality's S&T activities.

Hon. Antonio also presented possible collaborations on Research and Development in the municipality, assistance in Packaging and Labeling, Review Lessons for DOST Scholarship program, Bamboo Tissue Culture Laboratory and among others.

To further strengthen the S&T collaboration in the municipality, Dir. Mabborang proposed the establishment of the Municipal Science & Technology Action Group (MSTAG), the S&T policymaking body initiated by DOST R02 for municipalities and cities in Region 02.

The ceremony was also attended by the three ARDs, Teresita A. Tabaog, Mary Ann Maglasin, Virgina Bilgera, the Provincial Director of Cagayan Engr. Sylvia Lacambra who presented the DOST Region O2's programs and projects and other DOST R02 personnel. *(PAPI)*

# BFP roadshow




***F/SUPT Langcay (middle) together with SR INSP Pila (left) during the turnover of the certificate of appreciation to Ms. Rae Anne Maranan (right) Mall Manager - SM City Calamba***

By virtue of Presidential Proclamation No. 115-A, the month of March was declared as Fire Prevention Month. Hence, the Bureau of Fire Protection (BFP), as the primary agency mandated to prevent and suppress destructive fires, strengthens its fire safety campaigns for a safer and more resilient community. The BFP partnered with SM Prime Holdings Inc. to promote community preparedness and resiliency to fire incidents.

BFP Laguna in partnership with SM City Calamba recently had an exhibit about firefighting, rescue and medical equipment, skills demonstration, and display of BFP uniforms and performances. This year's theme is "Sa Pag-iwas sa Sunog, Hindi ka Nag-iisa!"

The event was graced by Fire SUPT Emilio C. Langcay, Provincial Fire Director – BFP Laguna and SR INSP Marc Christopher Pila, Regional Chief Fire Safety Management Section. **(KCHT)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 20**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT No. 3135, AS AMENDED, REPUBLIC ACT No. 4118**

-versus-

**YVETTE MYLA D. VACAL married to ERNIE DONDON T. VACAL,**
Mortgagors.

**FC No. 17051-20**

x---------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** with office address at The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City against **YVETTE MYLA D. VACAL married to ERNIE DONDON T. VACAL,** with residence address at Lot 62 Blk. 14, Ph. 4 Hamilton Homes, Bucandala, Imus, Cavite/Lot 28 Blk. 3, Pound St., Veraville THMS 3, Pamplona Tres, Las Piñas City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 10, 2020 amounts to **SIX HUNDRED FORTY SIX THOUSAND EIGHTY SIX PESOS and 82/100 (Php646,086.82)** Philippine Currency, including interest and penalty charges, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at Public Auction on **APRIL 20, 2021 at 10:00 a.m.** or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC-Imus, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all the improvements therein, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2012037796**

A PARCEL OF LAND (LOT 62, BLK. 14 OF THE CONSOLIDATION AND SUBDIVISION PLAN, PCS-04-024640, BEING A PORTION OF CONSOLIDATION OF LOTS 1340-a-1 TO 1340-A-6, PSD-04-188054 & LOT 1334, IMUS ESTATE (RS-04-004306) L.R.C RECORD NO. 8843), SITUATED IN BARRIO OF BUCANDALA, MUNICIPALITY OF IMUS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NW., ALONG LINE 1-2 BY LOT 4, BLK. 14; ON THE NE., ALONG LINE 2-3 BY LOT 61, BLK. 14; ON THE SE., ALONG LINE 3-4 BY ROAD LOT 19 AND ON THE SW., ALONG LINE 4-1 BY LOT 63, BLK. 14, ALL OF THE CONSOLIDATION AND SUBDIVISION PLAN BEGINNING AT A POINT MARKED "1" x x x CONTAINING AN AREA OF **FIFTY (50) SQ. METERS**. X X X

All sealed bid must be submitted to the undersigned on the stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **APRIL 27, 2021 at 10:00 a.m** without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, March 10, 2021.

**(Sgd.) ANSELMO P. PAGUNSAN, JR.**
Sheriff IV

**APPROVED:**

**(Sgd.) ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court V
Officer in Charge

**Copy furnished:**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City

**SPS. YVETTE MYLA D. VACAL & ERNIE DONDON T. VACAL**
Lot 62, Blk. 14, Ph. 4, Hamilton Homes, Bucandala, Imus, Cavite
Lot 28, Blk. 3, Pound St., Veraville THMS 3, Pamplona Tres, Las Piñas City

**HUMANITY NEWS**
**March 15, 22 & 29, 2021**

# First District First: Cavite officials join forces...

(from p. 1)

town.

In an interview with The Cavite Rising, Noveleta Mayor Dino Chua said the representatives of each town had a discussion with Presidential Legal Counsel Salvador Panelo to convey their plans and programs to the national government.

"Parang napag-iiwanan na tayo ng ibang lugar sa Cavite province. [We are the] first district pero parang last tayo sa mga programs so gusto namin isulong ang 'First District First'. Dapat unang distrito, una rin tayo sa serbisyo," Chua said.

The newly-formed alliance of the local officials plans to build a public hospital for the first district of Cavite.

According to Chua, it has long been the sentiment of the first district to have a free hospitalization for their constituents.

"Like now, may COVID tayo, ang hirap pumunta sa mga hospitals. Kapag wala kang public hospital, ang mahal ng binabayaran. So yung mahihirap or the poorest of the poor, problema na nila yon. Kapag wala silang pang-down payment, hindi sila matatanggap," the mayor emphasized.

The local governments, moreover, intend to uplift their respective economy by providing assistance to local entrepreneurs and opening more jobs in partnership with the Department of Labor and Employment.

Furthermore, he said: "'Yung mga national government programs like the financial assistance of DSWD, yung mga recovery programs, very seldom makarating sa first district kaya 'yon ang isa rin sa problema natin."

Likewise, Chua also mentioned that the newly-formed alliance eyes to enhance the scholarship program within the first district.

"Educational assistance is a real assistance. Dapat 'yan P5,000 and up depende sa pangangailangan," Chua explained.

Aside from Chua, the other officials who participated were Rosario Mayor Jose Voltaire Ricafrente, Kawit Mayor Angelo Aguinaldo, Cavite City Vice Mayor Denver Chua and Cavite 1st District Board Member Davey Chua.

Meanwhile, during the same event, Ricafrente received a Malacanang recognition for his late father and former Rosario Mayor Jose "Nonong" Ricafrente Jr. who also served in the Presidential Action Center.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.,**
Mortgagee,

**Foreclosure Case No. F-007-21**

-versus-

**KATHERINE O. VERGARA in capacity and Atty. In-fact of Donald L. Vergara,**
Mortgagor/s,

x---------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.,** with business address at A. Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite against the Mortgagor/s, **KATHERINE O. VERGARA in capacity and Atty. In-fact of Donald L. Vergara** with residence and postal address at: Blk. 5, L 7, Heritage Homes, Brgy. Gregorio, Trece Martires City, to satisfy the mortgage indebtedness as of 05 February 2021 amounts to **FIVE HUNDRED SIXTY FOUR THOUSAND ONE HUNDRED ELEVEN PESOS and 47/100 (P564,111.47)**, Philippine Currency, including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all the other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **MAY 20, 2021** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Bldg. located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2012000035**

A PARCEL OF LAND (LOT 16, BLK. 5 OF THE SUBD. PLAN, PSD-04-130583, BEING A PORTION OF LOT 6, PSD-04-118807, LRC. REC. NO. ) SITUATED IN THE BRGY. OF M. GREGORIO, CITY OF TRECE MARTIRES, IS. OF LUZON. BOUNDED ON THE NW., ALONG LINE 1-2 BY RD. LOT 25 (8.00 M. WIDE); ON THE NE., ALONG LINE 2-3 BY LOT 17, BLK. 5, BOTH OF THE SUBD. PLAN; ON THE SE., ALONG LINE 3-4 BY LOT 2883, SAN FRANCISCO DE MALABON ESTATE, ON THE SW., ALONG LINE 4-1 BY LOT 15, BLK. 5 OF THE SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" XXX CONTAINING AN AREA OF **NINETY SIX (96) SQ. METERS** XXX

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on ______________________without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City MAR 02, 2021.

*(Sgd.)* **RICARDO A. TOLEDO**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.**
A.Soriano Highway, Daang Amaya 111, Tanza, Cavite

**KATHERINE O. VERGARA**
Blk. 5, L 7, Heritage Homes, Brgy. Gregorio, Trece Martires City

**WARNING:** IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE

**HUMANITY NEWS**
**March 8, 15 & 22, 2021**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Balanoy o Basil bilang halamang gamot

Ang basil ay kilalang dahong pampalasa (herbs) na ginagamit sa pagluluto dahil sa angking amoy nito na mabango. Ang maliit na halamang ito ay madaling tumutubo sa iba't ibang lugar sa bansa. Madali ring makakahanap at makabibili nito sa mga pamilihan na maaaring sariwa pa o pinatuyo at dinurog na.



*Scientific name: Ocimum basilicum Linn.; Ocimum bullatum Lam.; Ocimum americanum Jacq.; Ocimum sanctum*
*Common name: Balanoy o Solasi (Tagalog); Sweet Basil o Basil (Ingles)*

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Balanoy (Basil)?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang basil ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang pinatuyong dahon ay makukuhanan ng essential oil, na may linalool at methyclaviol.

Ang bulaklak ay mayroon namang volatile oil

Bukod sa mga nabanggit mayroon pang caffeic acid, p-coumaric acid, p-cymene, limonene, 1,8-cineole, methyl cinnamate, myrcene, quercetin, rutin, tryptophan, safrole sa dahon nito.

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon**. Ang dahon ay maaaring katasan, dikdikin, tadtarin at ipahid sa mahagi ng katawan na dapat gamutin. Maaari din itong ilaga at inumin na parang tsaa. Ang langis na nakukuha sa dahon ay mabisa ring panggamot sa ilang mga karamdaman.

**Buto**. Ang dinurog na buto ng balanoy ay mabisa kung ipapahid sa bahagi ng katawan na may karamdaman. Maaari ring inumin ang pinaglagaan ng buto nito.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Balanoy (Basil)?**

1. **Ubo na may makapit na plema.** Mabisa sa ubo ang pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ng balanoy. Makatutulong ito sa palambutin ang makapit na plema upang mailabas.
2. **Pagsusuka**. Ang pinaglagaan ng dahon ng balanoy ay mabisa rin sa pagpapahinto ng tuloy-tuloy na pagsusuka.
3. **Kabag**. Maaaring maibsan ang pananakit ng tiyan na dulot ng kabag sa tulong ng pag-inom ng pinakuluang dahon ng basil.
4. **Pananakit ng tenga.** Maaaring ipatak sa loob ng tenga ang katas ng dahon ng balanoy upang maibsan ang pananakit.
5. **Rayuma.** Ipinanghuhugas sa bahagi ng katawan na dumaranas ng pananakit dulot ng rayuma ang pinaglagaan ng dahon ng basil.
6. **Buni.** Ang katas ng dinikdik na dahon ay ipinapahid sa apektadong balat.
7. **Pananakit ng ngipin.** Ang bulak na binasa sa katas ng dahon ng basil ay maaaring isiksik sa bulok na ngipin upang mawasan ang pananakit.
8. **Hirap sa pagdumi.** Pinapainom ng pinaglagaan ng buto ng basil ang taong dumadanas ng hirap sa pagdumi o pagtitibi.
9. **Pagtatagihawat**. Ipinanghuhugas sa bahagi ng balat na may tagihawat ang pinaglagaan ng pinatuyong dahon ng balanoy.
10. **Tulo**. Ipinanghuhugas din sa apektadong ari ang pinaglagaan ng buto ng balanoy.
11. **Pagtatae.** Maaaring inumin ang pinaglagaan ng buto ng balanoy upang mapahinto ang pagdudumi.
12. **Iritasyon sa mata.** Upang maibsan ang pakiramdam, maaaring ipatak sa mata ang pinaglagaan ng buto ng balanoy.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 16

# COVID-19 VACCINATION ROLLOUT IN CAVITE





The province of Cavite started its COVID-19 vaccination rollout on March 10, 2021 at the Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) in Trece Martires City. GEAMH is one of the official vaccination sites in the province identified by the Department of Health-Regional Office, among others were De La Salle University Medical Center, Southern Tagalog Regional Hospital, Ospital ng Imus and Tagaytay International Convention Center.

Three hundred eighty-nine Sinovac vaccines and ninety-one Astra Zeneca vaccines were delivered on March 9, 2021 which were used in the vaccination rollout scheduled until March 12.


Among the first vaccinees were Dr. Nonie John Dalisay, Officer-in-Charge of the Provincial Health Office, Dr. Romulo Lua, chief of hospitals, Dr. Aldous Angeles, satellite hospitals chief and Dr. Regina B. Salazar, head-GEAMH Dental Department.

They thanked the government for providing vaccines for the medical front liners and encouraged the public to be vaccinated for them to be protected against the virus as well as their families and other people. Around 150 vaccinees is targeted on the first day of vaccination.

The process started at the waiting area where candidates for vaccination took the cue to proceed to the next step at the registration area to fill up and check necessary requirements. They then proceeded to the counselling area. Afterwards, they were endorsed to the screening area where a resident doctor checked and screened if the patient qualified for vaccination. Next stage was the actual administration of vaccine and the final stage was the post vaccination monitoring wherein patients were observed for possible reactions.**(PICAD)**



*Binisita ni Vice Mayor Ony Cantimbuhan ang magiging tahanan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa hinaharap. Sa ngayon ay nasa tamang takdang iskedyul ang pagawain at inaasahang magagamit ito bago matapos ang taon. Kasama natin sina City Engineer Chris Sarno, City Architect Roel Saquilayan at iba pang mga kawani ng lungsod sa pagpunta dito.*




## DO YOU KNOW ?

*The mountain above 4000 ft becomes bald because the sun hits the location so much but there's not much moisture to sustain trees.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**

